Walang nagtatakip na isang tao sa isang tao sa Mundo malibang magtatakip sa kanya si Allāh sa Araw ng Pagbangon."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang nagtatakip na isang tao sa isang tao sa Mundo malibang magtatakip sa kanya si Allāh sa Araw ng Pagbangon."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag nagtatakip ang isang Muslim sa kapatid niyang Muslim kaugnay sa isang usapin kabilang sa mga usapin, magtatakip sa kanya si Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) sa Araw ng Pagbangon sapagkat ang ganti ay kabilang sa uri ng gawain. Ang pagtatakip ni Allāh sa kanya ay sa pamamagitan ng pagtatakip sa mga kapintasan niya at mga pagsuway niya palayo sa pagkakabunyag sa mga ito sa mga tao sa Kalapan (larangan ng pagtitipunan ng mga binuhay). Ito ay maaaring maging sa pamamagitan ng pagwaksi ng pagtutuos sa kanya dahil sa mga iyon at pagbanggit sa mga ito sa kanya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3777